## Isagawa



**Panuto:** Pagtambalin ang mga pamagat na nasa hanay B sa mga talatang nakapaloob sa hanay A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

| A | B |
|---|---|
| ____ 1. Si Mario ay may alagang aso. Lilo ang pangalan nito. Palagi niya itong kasama kahit saan magpunta. Hilig nilang mamasyal at maglaro ng habulan sa plasa. | a. Ang mga Paru-paro |
| ____ 2. Maraming paru-paro sa aming hardin. Makukulay at magaganda ang mga pakpak nito. Sa ibabaw ng mga bulaklak para silang naghahabulan at naglalaro. | b. Ang mga Bata sa Parke |
| ____ 3. Maraming bata ang pumapasyal sa parke. Ang iba ay naglalaro ng tagu-taguan. Ang iba naman ay nagtatawanan. May mga bata ring nakikipaglaro sa kanilang alagang hayop at ang iba ay nagpalilipad ng saranggola. | c. Ang mga Tanim ni Aling Nena |
| ____ 4. Si Aleng Nena ay mahilig magtanim. Makikita sa kanyang bakuran ang iba't-ibang uri ng mga prutas at gulay na hitik na hitik sa bunga. Makikita rin sa kanyang hardin ang iba't-ibang uri ng mga bulaklak. Mababango at matitingkad ang kulay ng mga ito. | d. Si Mario at ang Kanyang Alagang Aso |

LIVEWORKSHEETS